**Metriks sa Kalidad ng Operasyon sa 2020 Senso: Paglalabas 2**

Noong Mayo 28, 2021, inilabas ang Kawanihan ng Senso ng U.S. ang pangalawang yugto ng metriks sa kalidad ng operasyon sa 2020 Senso. Ang metriks sa kalidad ng operasyon ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa kalidad ng senso sa pamamagitan ng pagtingin sa kung paano nakuha ng Kawanihan ng Senso ang sagot para sa bawat address.

Ang Kawanihan ng Senso ay nagbigay ng metriks para sa mga pang-isahan at pandalawahan taong sambahayan (mga magkakasama sa tirahan) na isinakategorya ng operasyon ng senso mula kung saan nakuha nila ang sagot (gaya ng mula sa sariling pagsagot, Hindi tugon na pag-followup, iba pang mga operasyon ng senso, o mula sa pagtatalaga ng bilang), at ang porsyento ng okupado at bakanteng mga yunit ng pabahay sa pamamagitan ng operasyon ng senso.

Ang mga metriks na ito ay maaaring gamitin para pag-aralan ang kung paano maaaring nag-iba ang pagkolekta ng data depende sa laki ng sambahayan. Gaya ng sa unang paglabas ng metriks sa kalidad ng operasyon, mahalagang isaisip na ang pagkakaiba sa mga metriks na ito, sa buong dalawang dekada o sa mga estado (states) ay hindi naman mas mabuti o mas masama, ngunit ito'y magagamit na impormasyon habang patuloy naming pinag-aaralan ang mga operasyon ng senso.

Makikita ang metriks sa isang interactive na dashboard (sa Ingles lamang) at sa isang mai-da-download na talahanayan (sa Ingles lamang).

Ang blog ng Kawanihan ng Senso na Metriks sa Kalidad ng Operasyon sa 2020 Senso: Paglalabas 2 (sa Ingles lamang) ay nagbibigay ng higit pang impormasyon at mga tampok mula sa metriks. Halimbawa, ipinapaliwanag sa blog na ipinapakita sa metriks na ang paraan kung paano kinokolekta ng Kawanihan ng Senso ang impormasyon mula sa mga sambahayan (mga magkakasama sa tirahan) na may iba't ibang laki ay naaayon sa 2010 Senso, at ang pagkaayon nito ay nagpapakita ng maikukumparang kalidad.